

# Women's Refuges

(Planong  
Pangkaligtasan)

**KUNG IKAW AY NASA  
AGARANG PANGANIB**

**TELEPONO  
000**

Nagbibigay ng ligtas at suportado at pansamantalang akomodasyon sa panahon ng krisis para sa mga kababaihan at mga bata na tumatakas mula sa karahasan sa tahanan at pamilya

Ang Combined Women's Refuge Group (CWRG) ay ang rurok na organisasyon na kumakatawan upang irepresenta ang interes at ikinababahala ng sektor ng kanlungan sa karahasan sa tahanan at pamilya sa South East Queensland.

Pinagsasama namin ang mga kanlungan sa karahasan sa tahanan at pamilya upang magtaguyod para sa karapatan ng kababaihan at mga bata na mabuhay ng ligtas sa karahasan.

**[www.cwrg.org](http://www.cwrg.org)**

Ang pagbuo at paglikha ng polyetong ito ay pinopondohan ng Challenge DV.

**[www.challengeDV.org](http://www.challengeDV.org)**

**Ang Ilustrasyon ay gawa ni LM Strangways.  
Maraming Kultura, Iisang Paglalakbay**



# Q&A

## Ano ang karahasan sa tahanan at pamilya?

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay binubuo ng malawak na hanay ng mga pag-uugali na sadyang ginagamit upang magkaroon ng kapangyarihan sa ibang tao. Nangyayari ito sa iba't ibang uri ng mga relasyon, kabilang ang asawa o kasintahan, tagapag-alaga at iba't ibang miyembro ng pamilya. Kabilang sa karahasan sa tahanan ang maraming anyo ng pag-uugaling nagkokontrol sa ibang tao, kabilang ang pisikal na pag-aabuso, mga banta at intimidasyon at/o pagkontrol kung saan ka pupunta at kanino ka nakikipagkita.

## Ano ang mga kanlungan ng kababaihan?

Ang mga kanlungan ng kababaihan ay nagbibigay ng ligtas na akomodasyon at praktikal na suporta para sa mga kababaihan at mga bata na kailangang tumakas sa mga sitwasyon ng karahasan.

Paminsan-minsan tinatawag silang mga silungan, ligtas na bahay o lihim na lugar na tinataguan ng mga kababaihan.

Ang mga kanlungan ay bahagya mang may pagkakaiba, subalit ang lahat ay nagbibigay ng espasyo para makapagluto at maalagan mo ang iyong mga anak. Ang ilan ay may kusina na ginagamit ng lahat; gayunpaman ang mga pamilya ay palaging may pribadong espasyo para sa pagtulog.

## Ano ang magagawa mo?

- Makipag-usap sa DVConnect o sa pulis tungkol sa Domestic Violence Orders.
- Isaalang-alang nang mabuti kung sino ang sasabihan mo tungkol sa iyong plano, kabilang ang mga bata at mga kaibigan.
- Magpasya kung sino ang tatawagan at saan ka pupunta kung nararamdaman mong may banta sa iyo o nasa panganib ka.
- Isaalang-alang ang kaligtasan ng iyong mga anak sa iyong plano.
- Mag-impok ng pera para sa transportasyon at magkaroon ng karagdang mga susi sa bahay at kotse.
- Magtabi ng isang listahan ng mga importanteng numero ng telepono, katulad ng taxi at lokal na pulisya.
- Mag-impake ng bag na may mga damit at medikasyon.
- Iwan ang ekstra na susi at mga kopya ng mga importanteng papeles (hal., passport, mga sertipiko ng kapanganakan at sertipiko ng kasal) sa isang taong pinagkakatiwalaan mo.
- Gumawa ng listahan ng mga bagay na gusto mong bawiin.

**Ang pinakamabuting paraan upang gumawa ng planong pangkaligtasan ay ang kasama ng isang pansuportang serbisyo. Tawagan ang DVConnect sa 1800 811 811.**

**KUNG IKAW AY NASA  
AGARANG PANGANIB**

**TELEPONO  
000**

**DVConnect Womensline  
24-na-oras ng suporta sa krisis  
1800 811 811 • [www.dvconnect.org](http://www.dvconnect.org)**

Ang DVConnect ay nagbibigay ng libreng helpline para sa karahasan sa tahanan at pamilya.

Ang DVConnect ay makakatulong na takasan mo ang karahasan sa tahanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa pang-emerhensiyang transportasyon at ligtas na akomodasyon.

## Ligtas at protektado ba ang mga kanlungan ng kababaihan?

Oo, ang lahat ng mga address at numero ng telepono ng kanlungan ay mahigpit na kompidensyal, at ang mga kanlungan ay may seguridad at proteksyon.

## Gaano katagal mananatili ang mga kababaihan at mga bata sa mga kanlungan?

Ang mga kanlungan ay nagbibigay akomodasyon sa mga kababaihan at mga bata sa tagal na kailangan nila ito.

## Nagsisingil ba ng renta ang mga kanlungan ng kababaihan?

Ang renta ay hindi lalagpas sa 25% ng iyong kita at palaging isinaalang-alang ang mga indibidwal na sitwasyon.

## May kapansanan ako. Maaari ko bang ma-akses ang isang kanlungan?

Oo. Ang mga kanlungan ay may mga akomodasyon na madaling ma-akses. Tawagan ang DVConnect at ipaliwanag ang mga pangangailangan mo.

## Paano ang aking alagang hayop?

Maraming kanlungan ay may akomodasyong tumatanggap ng alagang hayop. Bilang alternatibo, makakatulong ang RSPCA na ipa-alaga ang iyong alagang hayop sa isang tahanan upang masiguro na ligtas sila.